



Homelessness Response System

Awtorisasyon para sa Paggamit o Pagsisiwalat ng Impormasyon

San Francisco Department of Homelessness
and Supportive Housing
Homelessness Response System
Awtorisasyon para sa Paggamit o
Pagsisiwalat ng Impormasyon

I-print ang Pangalan:

Petsa ng Kapanganakan:

Naglalarawan ang pormularyong ito at ang kalakip na paunawa kung paano ang personal na impormasyon tungkol sa inyo ay maaaring gamitin at ibahagi ng Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH) ng Lungsod at County ng San Francisco at mga organisasyon nitong nagkakaloob ng serbisyo, at ang mga karapatang mayroon kayo tungkol sa inyong impormasyon.

Ang Online Navigation and Entry (ONE) System ng San Francisco Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH) (ang Homeless Management Information System ng Lungsod) ay isang database na nagpapahintulot sa HSH upang magtago, gumamit, at ibahagi ang antas ng impormasyon ng kliyente sa aming Katambal (Partner) na mga ahensiya, na ang mga Departamento ng Lungsod ng San Francisco, kabilang ang Department of Public Health at ang Human Services Agency, at iba pang tagapagkaloob ng pabahay at serbisyo na nasa komunidad na nagtatrabaho para sa mga tao na nakakaranas o nasa panganib ng pagdanas ng kawalan ng tahanan. Kabilang sa mga halimbawa ang SF Homeless Outreach Team (SFHOT) o mga tagapagkaloob ng serbisyo ng suportadong pabahay.

Para pinakamabuting tulongan kayo, ang impormasyon ay kinokolekta sa ONE System at ginagamit o ibinabahagi sa Katambal na mga ahensiya. Ang katambal na mga ahensiya ay ginagamit ang impormasyon sa ONE System upang:

- Matugma ng mga kliyente sa naaangkop na pabahay at iba pang serbisyo na maaari nilang matanggap
- Mapabuti ang koordinasyon ng inyong pangangalaga at may-kaugnayang mga serbisyo sa pagitan ng mga ahensiya ng Lungsod at mga tagapagkaloob ng serbisyo; at
- Magpatuloy na maghanap ng mga paraan para mapabuti ang pabahay ng HSH at kaugnay na mga serbisyo
- Aming ibabahagi ang impormasyon sa may-kinalamang Katambal na mga Ahensiya kung gagamitin ninyo ang mga serbisyo ng Homelessness Response System (HRS) ng HSH.

Ang isang listahan ng Katambal (Partner) na mga ahensiya ng HSH ay maaaring matagpuan sa: www.hsh.sfgov.org

Ang paggamit ng impormasyon tungkol sa inyo ay nilimitahan ng pederal, estado, at lokal na mga batas at sinumang maaaring makagamit ng ONE system o impormasyon tungkol sa



Homelessness Response System

Awtorisasyon para sa Paggamit o Pagsisiwalat ng Impormasyon inyo ay dapat lumagda sa isang kasunduan na kanilang susundin ang mga batas ng pagiging pribado (na nakadetalye sa kalakip na Paunawa ng Pagsasagawa sa Pagiging Pribado).

Sa paglagda sa pormularyong ito, ako ay nagbibigay ng awtorisasyon sa sumusunod:

- **Binibigyan ko ng awtorisasyon ang HSH at Katambal (Partner) na mga ahensiya nito na gumamit at ibahagi ang nakolektang impormasyon tungkol sa akin kabilang ang haba ng panahon na walang tahanan at impormasyon tungkol sa aking mga kahinaan, gaya ng impormasyon sa kalusugan, magtasa at makipag-ugnayan sa mga serbisyo na maaari akong maging karapat-dapat kabilang ang: pabahay ng HSH at mga serbisyo, benepisyo, tulong ng utilidad, o iba pang kaugnay na mga serbisyo.**
- ****Para sa Miyembro Lamang ng San Francisco Health Plan at Anthem Blue Cross: Awtorisasyon na Ibahagi ang Aking Impormasyon sa Aking Planong Pangkalusugan ****
 - Ang Department of Homelessness and Supportive Housing ay maaaring ibahagi ang aking kontak na impormasyon at impormasyon patungkol sa aking katayuan sa pabahay sa aking planong pangkalusugan, San Francisco Health Plan, para sa mga layunin ng koordinasyon sa aking pangangalagang pangkalusugan. Ang kawani ng San Francisco Health Plan ay susunod sa lahat ng Pederal at Estado na batas ng pagiging pribado kapag kailangan nilang gamitin ang aking protektadong impormasyon sa kalusugan at/o personal na pagkakakilanlan para sa pagtukoy sa aking pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo.

Sa paglagda sa pormularyong ito, nauunawaan ko na:

- Ang Katambal (Partner) na mga ahensiya at mga kawani nito ay lumagda ng mga kasunduan upang mapanatili ang seguridad at pagiging kompidensiyal ng aking impormasyon. Ako ay may karapatang suriin ang lahat ng umiiral na mga polisiya ng pagiging kompidensiyal.
- Nauunawaan ko na maaari akong tumangging lumagda sa Awtorisasyong ito, gayunman malilimitahan ang mga serbisyong maaari kong matanggap mula sa mga tagapagkaloob ng serbisyong hindi pangangalagang pangkalusugan sa HSH.
- Ang pagbibigay ng awtorisasyon sa pagpapalabas ng aking impormasyon ay hindi gumagarantiya na tatanggap ako ng mga serbisyo.
- Maaaring ibahagi ang impormasyon upang makakuha ako ng tulong kung ako ay nasa agarang panganib sa aking sarili o sa iba o kung mayroong hinihinalang abuso sa isang menor de edad o nasa hustong gulang na may-kapansanan.
- Maaari kong makita o makuha ang kopya ng impormasyong nakolekta tungkol sa akin (tingnan ang Paunawa para sa higit na impormasyon),
- Mayroon akong karapatang kumuha ng kopya ng Awtorisasyong ito.



Homelessness Response System

Awtorisasyon para sa Paggamit o Pagsisiwalat ng Impormasyon

- Maaari kong kanselahin ang Awtorisasyong ito sa anumang oras, ngunit dapat gawin ito nang nakasulat at ipasa ito sa sumusunod na address:
P.O. Box 427400, San Francisco, CA 94142-7400
- Kung kanselahin ko ang Awtorisasyong ito, ang karagdagan pang impormasyon tungkol sa akin ay hindi kokolektahin o ibabahagi ngunit hindi na mababawi o maaalis pa ang impormasyong nakolekta na o naibahagi.
- Ang aking impormasyon ay protektado ng pederal, estado, at lokal na mga regulasyon na sumasakop sa pagiging kompidensiyal ng mga talaan ng kliyente. Ang aking impormasyon ay hindi maaari pang ibahagi nang wala akong nakasulat na pagsang-ayon, maliban kung ayon sa ilalim ng batas.
- Kung ang aking talaan ay may kasamang larawan, maaari itong makita ng katambal na mga ahensiya. Ang larawan ay maaaring i-crop o i-edit kung kinakailangan.
- Ang katambal na mga ahensiya at kawani ng Bitfocus (System Administrator para sa ONE system) na gumagamit ng ONE System upang magtayato evaluate HSH housing and services ay lumagda ng mga kasunduan na susundin nila ang lahat ng batas tungkol sa pagiging pribado.
- Nauunawaan ko na ang mga talaan ng medikal, HIV/AIDS, kalusugang pangkaisipan, at droga at alcohol ay protektado sa ilalim ng iba't ibang mga regulasyon ng pederal at estado, kabilang ang California Welfare and Institutions Code Section 5328, Confidentiality of Medical Information Act, California Civil Code Section 56.10 (CMIA), ang Health Insurance Portability and Accountability Act, 45 C.F.R., mga bahagi 160 at 164 ("HIPAA"), at ang Federal Regulations Governing Confidentiality of Drug Abuse Patient Records, 42 C.F.R., Part 2,. (Tingnan ang Paunawa ng mga Karapatan sa Pagiging Pribado para sa higit na impormasyon)
- Maliban kung pinahintulutan o inatas ng batas, ang impormasyong natanggap ng HSH at katambal na mga ahensiya ay hindi maaaring ibahagi sa kahit sinuman nang wala akong pagsang-ayon.

Pagpapawalang-bisa:

Ang Awtorisasyong ito ay mapapawalang-bisa tatlong taon mula sa petsa ng paglagda o sa mas maagang petsa na nakatala dito: ____

Lagda

Lagda (Kliyente/Legal na Kinatawan):

Petsa:

I-print ang pangalan (Kliyente/Lgal na Kinatawan):



Homelessness Response System

Awtorisasyon para sa Paggamit o Pagsisiwalat ng Impormasyon

**Kung nilagdaan ng awtorisadong tao maliban sa
kliyente, ilagay ang kaugnayan:**

*Kung tumangging lumagda ang kliyente/legal na kinatawan, ilalagay ng kawan ang dahilan
ng pagtangga at idagdag ang lagda ng kawani:*

*(If client/legal representative refuses to sign, Staff to state the reason for refusal and add
staff signature 😊)*
